



**Programang Pampigil
sa
Pagkalason sa Tingga
ng Alameda County**

**510-567-8280
www.aclppp.org**

**Ang Reydon at
Pagbebenta ng Bahay**

Parami nang parami, ang mga bumibili ng bahay at mga nangungupahan ay nagtatanong ng tungkol sa antas ng reydon bago sila bumili o umupa ng isang bahay. Ang pinakamabuting gawin ay ang magpasuri na para sa reydon NGAYON at itago ang mga resulta kung sakaling interesado ang mamimili o nangungupahan sa mga ito. Ayusin ang isang problema kung naroroon para hindi na nito guluhin ang pagbebenta ng bahay.

**Rekomendang
babasahin: Polyeto ng
EPA na "[Patnubay ng
Bumibili at Naqbebenta
tungkol sa Reydon.](#)"**

Isang Susi sa Malusog na Tahanan

REYDON

Ang reydon ang pangunahing sanhi ng kanser sa baga para sa mga hindi naninigarilyo. Ang reydon ay isang natural, na radyaktibong gas na walang kulay, walang amoy at walang lasa. Ang reydon ay resulta ng natural na pagkasira ng ureyniyum sa lupa.

Ang reydon ay pumupunta sa mga gusali sa pamamagitan ng pagpanik mula sa lupa, sa pamamagitan ng mga biyak sa pundasyon, mga puwang sa paligid ng mga tubo at patungo sa mga lugar ng tirahan. Nata-trap ng inyong bahay ang reydon sa loob, na kung saan ito ay maaring mabuo. Ang anumang bahay ay maaring magkaroon ng isang problema sa reydon; mga bagong bahay at mga lumang bahay, maayos na selyado at hangining mga bahay, at mga bahay na may mga silong o walang mga silong. Kayo at ang inyong pamilya ay mas malamang na makakuha ng pinakamataas na pagkalantad sa tahanan, kung saan kayo ay nanatili sa karamihan ng inyong oras.

Ang pagsusuri lamang ang tanging paraan upang malaman kung kayo at ang inyong pamilya ay nasa panganib mula sa reydon.

Ang EPA at ang Surgeon General ay nagrerekomenda na suriin ang lahat ng mga bahay para sa reydon. Ang pagsusuri ay mura at madali — ito ay dapat na abutin lamang ng ilang mga minuto ng inyong oras. Milyun-milyong mga Amerikano ang nagpasuri na ng kanilang mga tahanan para sa reydon. Ang panganib ay inaalang sa pamamagitan ng heolohikong kasaysayan ng inyong pag-aari at maaring mag-iba-iba sa bawat bahay. Batay sa nakaraang mga resulta ng pagsusuri, ang Alameda County ay ipinapalagay na may mababang panganib. Ngunit ang lahat ay hinihimok na magpasuri ng kanilang mga bahay at mga negosyo.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa reydon at murang mga pansuring kit ay makukuha sa California Department of Public Health (Departamento ng Pangmadlang Kalusugan ng California). Makipag-ugnay sa CDPH sa (916) 449-5674 o www.cdph.ca.gov/HealthInfo/environhealth. O bumisita sa www.epa.gov/radon, www.nchh.org, or www.aclppp.org.

KATHA-KATHA TUNGKOL SA REYDON: Ang pagsusuri ng reydon ay matagal at mahal.

KATOTOHANAN SA REYDON: Ang pagsusuri ng reydon ay madali. Maari ninyong suriing mag-isa ang inyong tahanan o umupa ng isang kuwalipikadong kumpanyang tagasuri ng reydon. Alin mang paraan ay inaabot lamang ng maikling panahon at pagsisikap.

KATHA-KATHA TUNGKOL SA REYDON: Ang mga bahay na may problema sa reydon ay hindi maaring ayusin.

KATOTOHANAN SA REYDON: May mga simpleng solusyon para sa mga problema sa reydon na maaring ilagay na may kaparehong halaga ng gastos na katulad ng ibang karaniwang mga pagkukumpuni sa bahay. Tumawag sa California Department of Public Health (Departamento ng Pangmadlang Kalusugan ng California) sa (916) 449-5674 para sa tulong na alamin ang kuwalipikadong nagpapagaang na mga kontratista.

KATHA-KATHA TUNGKOL SA REYDON: Ang reydon ay problema lamang sa ilang mga estado.

KATOTOHANAN SA REYDON: Ang mataas na mga antas ng reydon ay natagpuan sa bawat estado. Ang mga problema sa reydon ay nag-iiba-iba mula sa bawat lugar. Ang tanging paraan lamang upang malaman ang inyong antas ng reydon ay sa pamamagitan ng pagsusuri.

KATHA-KATHA TUNGKOL SA REYDON: Ang resulta ng pagsusuri ng aking kapit-bahay ay isang mabuting palatandaan kung ang bahay ninyo ay may isang problema.

KATOTOHANAN SA REYDON: Ito ay HINDI. Ang mga antas ng reydon sa bawat bahay ay maaring mag-iba ng malaki sa bawat bahay. Ang tanging paraan lamang para malaman kung ang inyong bahay ay may isang problema sa reydon ay ang suriin ito.